Reiwa Taon Buwan Petsa
令和４年１２月１日

School
北里中学校 Para sa mga Magulang

Komaki City Board of Education
Board of Education Superintendent Nakagawa Nobuyoshi
Komaki City kitasato Junior High School（中）
Principal emi matuura

# 保護者連絡アプリ「**tetoru**」の運用開始について（通知）（タ）
# (Notice) Tungkol sa Pagsisimula ng Paggamit sa Communication Apps for Parents na「tetoru」

Kami po ay lubos na nagpapasalamat sa inyong walang sawang pakikipag koopersyon at pag-unawa sa mga aktibidad pang edukasyon ng paaralan ng kitasato.

Ang lungsod ng Komaki ay nagnanais na maisulong ang paggamit ng Digital Technology para sa komyunikasyon ng magulang at paaralan, tulad ng pag inform kung hindi makakapasok ang anak at mga sulat mula sa paaralan, at ito po ay upang **makasanayan ang paggamit ng makabagong technology na makakatulong upang makabawas ng kahit kaunti sa pasanin ng mga magulang**. **Ang Communication Apps for Parents「tetoru」ay magsisimula ng gamitin simula sa 3rd semester**.

Pakiusap po na mag-register po kayo sa app na ito katulad sa proseso na nakasulat sa ibaba.

NOTES

## １. Detalye tungkol sa Apps

〇Ang Provider ng Apps na ito ay: Classi (Corporation)

〇Main Use : Pag-inform ng magulang sa school kung absent ang anak at Pagbibigay ng mga Digital Information Letter ng school sa mga magulang

・Notification of absence: Hindi na kailangang pang tumawag sa paaralan lalo na`t busy ang linya ng telepono sa umaga.

・Pagpapadala ng digital information letter: Hindi na mag-aalala na mawala ang mga ipinamigay na sulat na mula sa paaralan at maaari ding makita muli ang mga dating sulat.

## ２. Panahon ng Pagsasagawa at mga kabilang na Grade/ Year level

**Magsisimula sa January 6, 2023 (Biyernes): Kabilang ang lahat ng grade/ year level**

## ３. Detalye sa Paggamit ng Apps

### (1) Notification of Absence (Kasama na din ang late sa pag-pasok at maagang pag-uwi)

Simula sa January 6, 2023 (Biyernes) ay maaari nang gamitin ang Apps para ipaalam sa paaralan kung hindi makakapasok ang anak, mahuhuli sa pag pasok o uuwi ng maaga. Ang oras ng deadline para sa pagpapadala ng impormasyon gamit ang apps ay hanggang (8:15 ng umaga nang mismong araw na mag absent ang anak) (Maaaari ding magpadala ng impormasyon kahit kailan bago ang oras ng deadline).

At kung [Iba Pa o その他] ang inyong piniling dahilan sa pag-absent ng inyong anak ay pakiusap po na idetalye po ninyo sa remarks column ang dahilan ng pag absent ng inyong anak.

Ngunit kung lagpas na sa oras ng deadline at **may bagay na kinakailangang ipaalam na may kaugnay sa sakit na Covid-19, at kinakailangang ipaalam ang detalye tungkol sa sitwasyon ng kalusugan ng anak ay itawag na lamang po sa paaralan.**

### (2) Pagpapadala ng Digital Information Letter

**Ang dating mga sulat mula sa paaralan ng ipinamimigay ng naka-print sa papel tulad ng (Information tungkol sa School Events o Program at Information mula sa bawat Grade/ Yr. Level) ay ipapadala na sa mail gamit ang Apps.**

Ngunit may pagkakataon pa din na magbibigay ng printed information depende sa sitwasyon.

## ４. Mga Paalala

(1) Nais po namin na ipaalam sa inyo na sa paggamit ng Apps, **ay ma si-save sa server ng cloud service ng Classi (Corporation) ang mga data ng inyong anak tulad ng Pangalan, Pangalan ng Paaralan, Grade, Section, Student Number, Mail address ng magulang at usage history ng Apps.**

(2) **May pagkakataon din na tatawag ang paaralan sa mga magulang upang alamin ang kalagayan ng kalusugan ng inyong anak** kahit na ipinaalam na ninyo na mag absent ang anak gamit ang Apps.

(3) **Maaari pa din po ninyong itawag sa paaralan o isulat sa communication notebook o "renraku-cho" kung mag absent ang inyong anak o tungkol sa iba pang bagay, ngunit hangga`t maaari ay pakiusap po na gamitin ang Apps upang mas mapadali ang pagpapalitan ng impormasyon.**

# ＜アプリの利用方法＞（タ）
# Paraan ng Paggamit ng Apps

## １. System requirements (Hardware, Software)

Maaaring gamitin ang Apps sa smartphone o tablet ng magulang
(Hindi ito magagamit sa mga flip phones, o Windows computer)

| | |
|---|---|
| 〇Android | <OS> Android OS 8 above |
| | <Web browser> Latest version ng Chrome |
| 〇iPhone | <OS> iOS 14 above |
| | <Web browser> Latest version ng Safari |

**※Kung hindi magamit ang Apps**

Pakiusap na ipaalam sa class teacher kung walang smartphone o tablet ang magulang at hindi magagamit ang Apps.

## ２. Registration ng Apps

Tingnan ang「連絡アプリ tetoru のご利用登録への案内」「Impormasyon sa pag-register sa paggamit ng Communication Apps “tetoru”」 na nakasulat sa ibang papel at mag-register hanggang sa 12月(Buwan) 25日(Petsa). Magsasagawa ng trial test ng Apps sa 12月(Buwan) 26日(Petsa).

At para sa paraan ng paggamit ng Apps ay tingnan lamang ang 「**Guidelines ng mga magulang sa paggamit ng tetoru Apps**」na nakasulat sa ibang papel na may nakasulat na **No.2**

■ Mag access lamang sa help center gamit ang QR code o URL na nasa ibaba kung hindi matanggap ang mail registration at pinapakiusap na i-check din po ang incoming settings ng inyong mail address

URL: https://support.tetoru.jp/hc/ja/articles/4414035551375